# Paano Mag-ulat ng Krimen

## Kapag nakasaksi o kaya'y nakaranas ng pinsala sa krimen, ay kaagad–agad na makakatanggap ng tulong mula sa pulisya kung tatawag sa 112.

- Kapag nagsumbong sabihin ng mahinahon kung kailan · saan · paano ang tinamong pinsala, anyo ng gumawa ng krimen · katangian ng kagamitan · bilang · direksiyon ng pagtakas at ginamit na sakayan at iba pang nakitang iuulat.
- Kapag nagsumbong sa 112 gamit ang pampublikong telepono (pindutin ang pulang pindutan pang–emerhensiya+112) kahit walang barya, maaari dinitong gamitin sa panahon ng emerhinsiya.
  ※ Kapag magreport ang dayuhan, maiiuulat ang krimen(pinsala) sa pamamaraan ng serbisyong pagsasalin ng wika sa 3katao (pulis–taga–salin ng wika–nag–uulat)
- Kung sakaling hindi makatawag ay maaaring mag–wlat sa '112 Emergensi App'.
  ※ Maaring magamit ang '112 emergency notification app' pagkatapos itong mag download mula sa Google Play Store o Apple App Store
- Para sa pagkalap ng ebidensiya panatilihin ang magulong lugar hanggang sa dumating ang pulis, para pagsusuri ng pulisya kailangan ang inyong kooperasyon

# Mga puwedeng tawagan para humingi ng tulong

| Sumbungan sa krimen at pang–emerhensiya | |
|---|---|
| Sumbungan ng krimen (Nasyonal na Ahensiya ng Pulisya sa Korea) | 112 |
| Sentrong Pag–uulat sa Pananakit sa Paaralan (Nasyonal na Ahensiya ng Pulisya sa Korea) | 117 |
| Sunog·Pangunang lunas sa pasyenteng nasa kritikal na kalagayan·Sumbungan sa emerhensiya (Nasyonal na Ahensiya ng Sunog) | 119 |
| Pag–hack, scam, paglabag sa personal na impormasyon ipagbigay alam sa (KISA) | 118 |
| Sentro ng Hebaragi (Departamento ng Pantay na Kasarian at Pamilya) | 1899-3075 |
| Batang nawawala·Sumbungan sa naglayas (Nasyonal na Ahensiya ng Pulisya sa Korea) | 182 |
| Emerhensiyang tawagang pagkonsultahan ng Kababaihan (Departamento ng Pantay na Kasarian at Pamilya) | 1366 |
| Danuri Call Center (Departamento ng Pantay na Kasarian at Pamilya) | 1577-1366 |
| **Reklamo ukol sa pamumuhay** | |
| Sentro ng Pangkalahatang Paggabay sa mga Dayuhan (Departamento ng Katarungan) | 1345 |
| Gabay at reklamong pampamahalaan Call center (Departamento ng Pamamalakad at Siguridad ng Publiko) | 110 |
| Gabay turista para sa mga dayuhan (Organisasyon ng Turismo sa Korea) | 1330 |
| Reklamo sa paglabag ng karapatang pantao·konsultasyon (Nasyonal na Lupon ng Karapatang Pangtao ng Korea) | 1331 |
| Konsultasyon sa Batas (Batasang Suporta ng Korea) | 132 |
| Ahensiya ng Pagprotekta sa mga Bata (Departamento ng Pangkalusugan at Pangkabutihan) | 129 |
| Emerhensiyang cyber na pagkonsultahan ng Kabataan (Departamento ng Pantay na Kasarian at Pamilya) | 1388 |

## Nakikipag–ugnayan ang pulisya sa Ministry of Justice upang magbigay ng isang sistema para hindi isali ang mga illegal na imigrante sa mga biktima ng krimen at upang protektahan ang mga karapatang pantao ng mga dayuhang residente.

- Ang "Illegal Immigrants' Duty Exemption System" ay isang sistema kung saan ang impormasyon ng mga illegal na imigrante ay hindi naipapaalam sa mga lokal na awtoridad ng imigrasyon at mga institusyong namamahala sa mga dayuhang residente kapag iniulat nila ang pinsala ng krimen sa pulisya.
- Ang mga kasaling krimen ay ang mga sumusunod
  - (Kriminal na batas) Pagpatay, Pananakit / Pag–atake, Pag–iwas sa ideolohiya, Pang–aabuso sa katawan, Pag–aresto o Pagpakulong, Pananakot, Plunder, Panggagahasa, Pag–abuso ng mga karapatan, Pagnanakaw panloloob, Panlilinlang pangba blackmail
  - (Espesyal na Batas) Batas para sa Parusa sa mga Marahas na Gawa, Espesyal na Batas sa Parusa ng mga Krimen sa Sekswal na Karahasan, Espesyal na Batas sa Paglutas sa Aksidente sa Trapiko, Batas sa Parusa sa mga Gawaing may kaugnayan sa Prostitusyon, Batas para sa Kasiguraduhan ng Trabaho (Artikulo 46)
- Kung ikaw ay biktima ng krimen, mangyaring huwag mag–atubiling tumawag sa 112 para humingi ng tulong.

## Kahit hindi personal na bumisita sa opisina ng pulisya maaring magtungo sa mga tanggapan na itinalaga bilang 'Sentrong tumutulong sa mga dayuhan' ng pulisya tulad ng Sentro para sa multikultural na pamilya·mga organisasyon na hindi konektado sa gobyerno.

### Proseso sa paggamit

1. Nangyari ang krimen na ang biktima ay dayuhan
2. Ipagbigay alam sa Sentrong tumutulong sa dayuhan o konsultasyon
3. Pagtungap ng report konsultasyon sa ugnayang panlabas ng pnlisya
4. Pagabiso o pagproseso ng pvlisya o tanggapang may kaugnayan

- Magtungo sa Sentrong tumutulong sa dayuhan at ipaalam ang pinsala at ikonsul–ta ang mga abala ukol sa pamumuhay ang tagapamahala ng tanggapan ay ipaaalam opisyal ng ugnayang panlabas ng pulisya ang reklamo at ang nilalaman ng konsulta–syon ay ipapadala kaugnay na departa–mento ng pulisya para sa proseso o ipaaalam sa kaugnay na organisasyon.




### Hakbang batay sa nilalaman ng konsultasyon at inireklamong krimen

- Ang reklamo tulad pisikal · domestiko · karahasan sa paaralan·paloloko (reklamo at demanda) at iba kasong pulisya ay direktang isasaayos ng kaugnay na pulisya.
- Ang suliranin kaugnay sa pasahod·pang-industriyang aksidente·suliranin sa paninirahanayipagbibigayalamsakaugnaynatanggapantuladngkagawaran ng manggagawa·kagawaran para sa kababaihan at pamilya·kagawaran ng hustisya o kaya'y tanggapan ng embahada o konsulado.

※ Makipag–ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng pulisya para sa impormasyon ukol sa lugar ng Sentrong tumutulong sa mga dayuhan.

## Ang suportang edukasyon para sa pag–iwas ng krimen (pinsala) at edukasyon para sa lisensya sa pagmaneho

- Para sa ligtas na paninirahan ng mga dayuhan
  - Bumibisita sa mga lugar kung saan nagtitipon ang mga dayuhan tulad ng Sentro para sa multikultural na·lugar ng trabaho ·organisasyon na hindi konektado sa gobyerno upang ipagbigay alam ang kadalasan na nagaganap krimen mga bagay na dapat pag–ingatan, konsultasyon ukol sa kahirapan at namamahala ng 'pagsasanay sa upang maiwasan ang krimen sa pamamagitan ng pagbisita',
  - 'Silid–aralan ng pagmaneho para sa mga dayuhan' ay suportang ibinibigay ng libre sa pamamagitan ng isang propesyunal na guro para sa paghahanda sa written test sa pagkuha ng lisensya.

### Para sa katanungan sa pagsusulit sa pakuha ng lisensya sa pagmamaneho

**Sentro ng Pagsusulit sa Pagmamaneho ng Awtoridad ng Trapiko**
1577-1120 (https://www.safedriving.or.kr)
**Pagsusulat na Pagsusulit** Ibinibigay sa 3 Wika
※ Ingles, Intsik, at Vietnamese

※ Magtanong sa pinakamalapit na tanggapan ng pulisya departamento ng ugnayang panlabas sa paggamit ang pagsasanay upang iwasan ang krimen at pagsasanay sa pagkuha ng lisensya sa pagmamaneho.

## Serbisyong interpretasyon para sa mga dayuhan na hindi pamilyar sa lengguwaheng Koreano

### Operasyon ng serbisyong interpretasyon

- **Interpretasyon at gabay sa turismo** 1330
  Koreano, Ingles, Hapon, Tsino 8 na lengguwahe
  - Koreano, Ingles, Hapon, Tsino (24 oras)
  -Russian, Vietnamese, Thailand, Malaysian (08:00~19:00)
- **Danuri Call Center 1577-1366** (24 oras)
  Vietnamese·Mongol, Khmer 13 na lengguwahe
- **Sentrong Pangkalahatang Paggabay sa mga Dayuhan** 1661-2025 1345
  Thai, Indonesian, Urdu 20 na lengguwahe
  -Koreano, Ingles, Tsino (09:00~22:00)
  - Vietnamese at iba pang 17 na mga wika (09:00~18:00)
- **BBB Korea** 1588-5644 (24 oras)
  Turko·Poland·Hindi·Malayo 20 na lengguwahe

www.police.go.kr

www.police.go.kr

타갈로그어(필리핀어)
Tagalog (Filipino)

# Gabay sa mga dayuhan para maiwasan ang krimen



경 찰 청
KOREAN NATIONAL POLICE AGENCY

01. 경찰청범죄예방가이드(4단리플렛)_타갈로그어(필리핀어).indd 1-4 2018-12-26 오후 7:45:21

## Mga uri ng krimen na madaling magawa dahil hindi alam

### Mahigpit na pagpaparusa sa pagsasagawa ng ilegal na pagkuha ng bidyo, pagpapadala ng pornograpiya at iba pa.

- Ito ay mga kriminal na gawain, ① gawaing pagpapadala sa internet ·celphone at iba pa sa malaswang salita o kaya ay larawan na nuukol sa kasarian ② gawaing pagbibidyo sa katawan ng iba ng walang pahintulot ③ gawaing pagpapalaganap ng walang pahintulot na kahit walang pisikal na pagkontak.

▶ Akdang parusa : ① Artikulo 13 ng Espesyal na Batas sa Pagpaparusa atbp. sa Karahasan sa Kasarian (Pagkakulong ng mababa sa 2taon at multang mababa sa 5milyon na won)
②,③ Artikulo 14 ng Espesyal na Batas sa Pagpaparusa atbp. sa Karahasan sa Kasarian (Pagkakulong ng mababa sa 5taon at multang mababa sa 3milyon na won)

### Mahigpit na pagpaparusa sa mga ilegal na droga.

- Mahigpit na pagpaparusa sa mga gawain tulad ng pagbebenta · pagtanggap · pangangasiwa ng ipinagbabawal na gamot o kaya ay pagsmuggling · paninigarilyo ng marijuana.

▶ Akdang parusa : Artikulo 60 ng Batas sa Pamamahala ng Narcotics ( 10 Taon o pagmulta ng 100 milyon na won )

### Mas mahigpit na pinaparusahan ang pananakit · mangsugat · pagbabanta · paglusob ng tahanan · pagsira sa pag–aari · pagkulong · pamimilit · pang black mail at iba pang pagbuo ng grupo na may layunin ng krimen, pagsali · pagsasagawa nito.

### Huwag magdala ng kutsilyo·bakal na pamalo·lagari at iba pang bagay na maaaring magdulot ng malubhang pinsala sa buhay at katawan ng tao kung walang sapat na dahilan.

▶ Akdang parusa : Batas para sa magaang krimen artikulo 3 ika2 (Multang 100,000won pababa, Pagkakulong o pagmumulta) Batas upang kontrolin ang pagmamayari ng baril, armas at pampasabog artikulo12 (Pagkakulong ng 5taon o multang 10 milyon na won)

### Pagsusugal, Pagtatayo ng sugalan

- Huwag magsugal ng mahjong(Tsino), hailow(Taylandiya),sokdiya (Vietnam), pocker, baraha at iba pang sugal na may pustang pera.
- Ang pagbibigay ng lugar sugalan ay nabibilang sa krimen ng pagsusugal na maaring tumanggap ng mahigpit na parusa.

### Ang pagkuha ng bisikleta na nasa daan at mga bagay na tila walang may–ari ay maaaring parusahan batay sa pagnanakaw o kaya'y kasong pagkuha ng nawawalang gamit

### Ang pagpapadala ng pera sa pamamagitan ng indibiduwal na transakyon na hindi dumaan sa pinansiyal na institusyon ay maaaring tumanggap ng mahigpit na parusa.

### Ang dayuhan na may edad na 17taon pataas ay nararapat na mayroon at laging dala ang kanyang pasaporte at katibayan bilang dayuhan(ARC), ang lumabag nito ay maaaring patawan ng multa 1 milyon na won pababa.

- Ang paggamit ng pagkakakilanlan ng iba o kaya'y panlilinlang ng sarili ay maaaring parusahan batay sa antas ng abala sa katarungan.

※ Simula noong 2014 ang Tanggapan ng pulisya at Kagawaran ng hustisiya ay magkasamang ginagamit a personal na impormasyon ng mga dayuhan.

### Mahigpit na mapaparusahan kapag may kasong walang lisensiya at iba pa, kapag magmaneho ng sasakyan·motorsiklo.

- Kapag magmaneho ng sasakyan na walang lisensiya

▶ Akdang parusa : ① Sasakyan ⇒ Mababa sa 1 taon na pagkabilanggo at multang mababa sa 3milyon na won ② Motorsiklo ⇒ multang mababa sa 3 daang libong won

- Kung sakaling lasing na magmaneho

| Limitasyon ng alkohol sa dugo | Parusa | Pagtatapon sa pamamahala |
|---|---|---|
| Mahigit sa 0.03% ~ mababa sa 0.08% | Pagkakulong ng mababa sa 1 taon | Pagtigil ng lisensiya |
| Mahigit sa 0.08% ~ mababa sa 0.2% | Pagkakulong ng mababa sa 1 taon | Pagkansela ng lisensiya |
| Mahigit sa 0.2% | Pagkakulong ng 2~5 taon | Pagkansela ng lisensiya |
| Mahigit sa 2 beses na pagmamanehong lasing | Pagkakulong ng 2~5 taon | Pagkansela ng lisensiya |

- Pagpapatakbo ng sasakyan na hindi legal ang pagkasalin ng pangalan (sasakyan na hindi legal na nakapangalan)

▶ Akdang parusa : Batas sa pamamahala ng sasakyan Artikulo 81 Talata 7 Pang 2(Pagkakulong ng mababa sa 1 taon at pagmulta ng mababa sa 10 milyon na won)

### Ang paglabag sa pangunahing batas ng kaayusan ay maaaring maparusahan o kaya ay magmulta at iba pang masisingil kung kayat mag–ingat.

- Huwag magtapon ng upos ng sigarilyo, gum, basura at iba pa kung saan saan.
- Huwag dumura sa pampublikong lugar o kaya'y manigarilyo sa mga lugar na pinagbabawal ang paninigarilyo.
- Sa nagmamaneho ng motorsiklo at pasahero kailangang gumamit ng helmet at kinakailangan na tumawid sa tulay at tawiran.

## Pag-iwas sa krimen at gawaing panglunas sa ating pamumuhay

### Pandaraya(Iligal na maramihang antas ng pagbebenta, panloloko sa pamamagitan ng telepono ‹Voice Fishing› panloloko sa pamamagitan ng internet at iba pa)

- Ang tradisyonal na pakyawan at tingiang pagbebenta ay hindi dumadaan sa hakbang ng sirkulasyon, ang mamimili kaagad ang nagiging tagapagbenta ng mga produkto, kinakailangan na tumanggi kapag kayo ay hinikayat na magpamiyembro o kaya'y maging tagapagbenta sa kompaya katulad ng mga sumusunod.
  · Ginagawang pang–akit ang pagkakaroon ng malaking kita sa maikling panahon upang mangalap ng kaanib at mamumuhunan, panghihikayat na bumila sa pamamagitan ng pananakot·sapilitang pagbili·pangungutang at iba pa.
  · Ginagawang pang–akit na magparehistro bilang taga–benta bilang part–time, trabaho na maaring gawin sa bahay at hanap buhay subalit ang totoo ay sapilitang pinabibili ng produkto.
  · Pagsisinungaling na ang produkto ay mamahalin·labis na anunsyo upang maibenta sa mataas na halaga

**Pagsisiyasat kung ang kompanya ay legal na rehistrado**
- **Komisyon para sa patas na kalakalan** **www.ftc.go.kr, 044-200-4010**
- **Asosayon sa pagtulong damayan ng direktang manininda** **www.macco.or.kr, 02-566-1202**
- **Asosasyon ng espesyal na kooperatiba sa Korea** **www.kossa.or.kr, 02-2058-0831**

- Huwag tugunan ang tawag sa telepono kapag tinatanong ang pasbuk ·kard·numero ng rehistrasyon ng paninirahan at o kaya'y naguutos na maglipat ng pera sa bangko gamit ang pampublikong institusyon o kaya, ar tanggapan ng pinansyal.

※ Ang grupo ng panloloko na gumaganap bilang tagakuha ng cash, call center telemarketer at iba pang tungkulin ay magigpit na tatanggap ng parusa

**Halimbawa ng Voice Fishing**
- Ginagamit bilang pagkakataon ang hindi pagsagot ng tawag ng anak, nagkukunwari na nakidnap ang bata at hihingi ng pera.
- Nagkukunwari may ibabalik na buwis mula sa tanggapan ng nasyonal pension at tanggapan siguridad pangkalusugan.
- Nagkukunwari na tawag mula sa bangko, kompanya ng kard, kumpanya ng telekomyunikasyon tungkol sa bayaran ng kard at interes sa serbisyong nagamit.
- Nagkukunwari na tawag mula sa tanggapan ng pulisya·tagausig at iba pang tanggapan ng ahensiyang nagpapatupad batas upang uhahin ang personal impormasyon at transaksiyong pinansiyal
- Paggamit ng email ng iba, hihingi ng pera at ang ibibigay na pasbuk na pag-aari ay ibang tao.

- Hanggat maaari ay iwasan ang personal na pakikipag transaksiyon sa internet, sa paggamit ng internet shopping mall tiyaking mabuti na rehistrado ang negosyo.

※ Kawanihan sa kaligtasang Cyber (cyberbureau.police.go.kr) at cybercop (mobile Apps) : Pagsisiyasat sa impormasyon ng taong pinagdududahan sa panloloko sa internet at pag–ulat ng pinsala.

### Karahasan sa tahanan·Karahasan sa Pakikipag–Date

- Kung sakaling sinaktan sa tahanan · sa pakikipag–date, ay huwag mag–atubiling sabihin at humingi ng tulong sa kamag–anak · kapitbahay · kaibigan at iba pa kasama na ang pulisya.

※ Isinusumite ang mga katibayan para sa karahasan kabilang ang litrato, medikal na sertipiko at inirerecomenda ang pakipag–ugnayan sa ahensiya ng pagkonsulta ng mga kababaihan (Emerhensiyang tawagang pagkonsultahan ng Kababaihan 1366 / Danuri call center 1577–1366)

- Napakaimportante ang siguridad ng mga biktima sa karahasan sa tahanan at karahasan sa pakikipag–date kaya mas maigi kung ang mga biktima (kasali ang mga anak) ay umiwas muna sa lugar kung saan nangyari ang karahasan.

### Pagkawala ng bata·pagkidnap·abuso

- Turuan ang bata na humingi ng tulong sa mga tao sa paligid kapag may taong nagkukunwari na kakilala o kay ay sapilitang sinasama.
- Turuan ang bata na tandaan ang pangalan·edad·tirahan·telepono ·pangalan ng magulang at iba pa, kung lalabas tandaan kung sino at saan pupunta, at tandaan kung ano ang suot na damit.
- Kung lalabas suutan ng kwentas, pulseras na may nakasulat na telepono, nameplate at iba pa iwasan na malantad sa ibang tao ang mga bagay na ito.
- Ang pang–aabuso sa bata pisikal, sekswal, mental o pananakit at pagpapabaya sa bata ay tatanggap ng mahigpit na parusa.

### Karahasan sa paaralan

- Ang karahasan sa paaralan ay tumutukoy sa karahasan, pananakot, pang–aapi at pinsalang pisikal, mental o kaya'y ari–arian ng mag–aaral sa loob at labas ng paaralan.
- Huwag papuntahin ng nagiisa sa kalyeng hindi matao, kinakailangan na ipagbigay alam sa pulisya kapag inagawan ng importanteng kagamitan at tumanggap ng pinsala mula sa grupo na gumagawa ng karahasan
- Kapag nakaranas ng kaharasan sa paaralan makabubuting alamin ang personal na impormasyon ng gumawa ng karahasan at tandaan kung kelan·saan·paano ang pinsalang natamo.

### Ang Sekswal na Krimen (Panggagahasa · sapilitang pag–atake, ilegal na pagbidyo)

- Kung sakaling may manakit sa inyong kasarian ay huwag maghugas at itabi ang damit at panloob na kasuotan at kaagad na magreport sa 112.
- Isulat ang lahat ng iyong naaalala tungkol sa sitwasyon, kabilang ang karakter at hitsura ng salarin.
- Pakinggan ang nangyari kapag may biktima ng krimen sa kasarian sa inyong paligid, ay tulungan na makatanggap ng konsultasyon sa 1577–1366.
- Kung sakaling napilitang magbenta ng aliw at iba pang pagka–biktima ay tumanggap ng konsultasyon sa 1577–1366.

### Smishing

- Sa pamamagitan ng celphone 'pagkakaloob ng libreng Kupon' pagclick ng internet address → ma–iinstall ang malware sa smartphone → magbabayad ang biktima na walang kaalam–alam at magdulot ng indibiduwal na pinsala pagkawala ng impormasyong pinansiyal
- Kahit ang mensahe na galing sa kakilala kung ito ay may kasamang internet address tumawag at kompirmahin bago ito i–click, ang app na hindi kompirmado sa smartphone patibayin ang setting security upang maiwasan ang pinsala.

※ Paraan ng pagpapatibay ng setting security ng cellphone set up Suriin ang kagustuhan → Seguridad→Pamamahala ng kagamitang elektroniko → Hindi kilala ang pinagmumulan∨Tsek

### Pagnanakaw (pagnanakaw sa bahay na walang tao, pandurukot pang–aagaw at iba pa)

- Kapag matagal na nabakante ang bahay pang–matagalang hindi pag–uwio kaya'y bakasyon.
  · Ingatan na hindi maipon sa labas ang pahayagan, gatas at iba pang bagay na hinahatid at siguraduhin na nakakandado ang lagayan gatas at pinto.
  · Ilagay sa bangko ang pera at mamahaling bagay tulad ng alahas, kapag gustong itago ang mga ito sa bahay humanap ng tama at ligtas na lugar para dito.
- Kailangan ng karagdagang pagiingat sa matataong lugar tulad ng terminal·palengke at iba pa na maaaring gamitin upang mabaling ang atensiyon at kuhanin ang mahahalagang gamit.
- Laging panatilin ang handbag at cross bag paharap sa daanan ng tao o·pader,ang haba ng kurdon ay dapat katamtaman lang at isabit ito paekis sa balikat at dibdib.
- Humingi ng tulong sa pulisya kapag kumuha ng malaking halaga mula sa pinansiyal na institusyon

01. 경찰청범죄예방가이드(4단리플렛)_타갈로그어(필리핀어).indd 5-8
2018-12-26 오후 7:45:21